ANG KARUNUNGAN SA ISLAM

"Karunungan sa Islam" ay naglalaman ng kanyang nagliliwag na mga salita ng tunay na hangarin na dapat natin lahat pagsumikapan. Ang kanyang kaloob na awa, kapatawaran, at patnubay na nagbibigay ganda sa kanya kalinawagan. ipagpalagay nyo na sinusunod nyo ang mga magagandang patnubay na ito sa pang araw araw.Ito ay mahalaga na pagsikapang isagawa at anyayahan din ang iba na isagawa itong magaganda mga salita ng karunungan

Isang araw lumapit ang isang taga disyerto(Bedouin), kay Propheta Mohammed(Sumakanya nawa ang kapayapaan) at nag sabi sakanya O Sugo ni Allah, ako ay naparito , upang magtanong ng ilan mga katanungan ukol sa mga pangyayari dito sa buhay at sa kabilang buhay
-Itanong mo ano ang iyong nais.
Nais kong maging pinakamaalam sa lahat

-Matakot ka kay Allah, at ika'y magiging napaka maalam sa lahat
Nais kong maging pinakamayaman sa buong mundo

-Maging Kontento ka, at ikaw ay magiging pinakamayaman sa buong mundo
Nais kong maging pinaka makatarungan sa lahat

-Naisin mo sa iba ang inanais mo sa iyong sarili at ikaw ay magiging pinaka makatarungan sa lahat
Gusto Kong Maging pinakamabuti sa lahat

-Gumawa ka ng kabutihan sa iba at ikaw ay magiging pinaka mabuti sa lahat
Nais kong maging pinaka mamahal ni Allah

-Magsagawa ka ng maraming, Pagpupuri kay Allah at ika'y magiging pinakamamahal ni Allah
Nais kong maging ganap ang aking pananampalataya

-Kung ika'y may mabubuting mga pag uugali , magiging ganap ang iyong pananampalataya
Nais kong maging isa sa mga gumagawa ng mabuti

-Sambahin mo si Allah, na parang siya iyong nakikita, Kung hindi mo sya nakikita, Siya ay nakakakita sayo, sa ganitong paraan, ika'y magiging isa sa mga gumagawa ng mabuti
Nais kong maging masunurin kay Allah.

-Kung iyong, susundin ang kautusan ni allah ikaw ay magiging masunurin
Nais kong mawala lahat ng aking mga kasalanan

-Linisin mo ang iyong sarili sa mga kasamaan at mawawala lahat ang iyong mga kasalanan
Nais ko maibangon sa araw ng paghuhukom sa liwanag

-Wag mong maliin ang iyong sarili at ibang mga nilikha at ikaw ay ibabangon sa araw ng pag huhukom sa liwanag
Nais kong pagkalooban ni Allah, ng kanyang kapatawaran

-Kung ika'y may awa sa iyong sarili at sa mga iba, Pag kakalooban ka ng kapatawaran ni Allah sa Araw ng paghuhukom
Nais kong mapakaunti ang aking mga kasalanan

-Kapag ika'y humingi ng kapatawaran kay Allah, sa lubos ng iyong makakaya, ang iyong mga kasalanan ay mapapakaunti.
Nais kong maging, pinapaka marangal na tao

-Kapag ika'y hindi dumaing sa anuman mga nilikha, ika'y magiging pinaka marangal na tao
Nais kong maging pinakamalakas sa lahat

-Kapag nilagay mo ang iyong tiwala kay Allah, ika'y magiging pinaka malakas sa lahat
Nais kong lumaki ang aking mga biyaya

-Kapag iyong pinanatili ang iyong kadalisayan, Paparamihin ni Allah ang iyong biyaya
Nais kong mahalin ni Allah at ng kanyang mga sugo

-Kapag iyong minahal ang mga nilulugod ni Allah at ng kanyang mga sugo, ika'y magiging isa sa kanya mga minamahal
Nais kong maging ligtas mula sa galit ni Allah sa araw ng pag huhukom,

-Kapag, hindi nawala ang iyong timpi, sa kahit anuman nilikha , ika'y magiging ligtas mula sa galit ni Allah sa araw ng paghuhukom
Ano ang maglilitas sa akin mula sa kasalanan**.**

-Luha, Pagpapakumbaba at karamdaman
Anu ang pinaka mabuting gawa sa mata ni Allah

-Magandang asal, Kababaang loob at Pagtitiis
Anu ang pinaka masama sa mata ni Allah
-Mainitin ang ulo at Karamutan

Anu ang mag papatahimik sa galit ni Allah sa buhay na ito at sa kabilang buhay
-Lihim na pagkakawang-gawa at kabaitan sa mga kamag anak

Anu ang mag papatay sa apoy sa impyerno sa araw ng paghuhukom
-Pagtitiis sa oras ng kahirapan at mga kasawian

Wala pa akong narinig na kaugalian na mas malawak ang saklaw ng mga kagandahan sa relihiyon, at mas kapakipakinabang higit sa hadith na ito, it ay pinag ipon ipon ng lahat ng magandang bagay sa Islam(Isinalaysay ni Imam Ibn Hambal)